



*Sistema ng Proteksyon at Pagtataguyod ng California*

# Mga Aplikante at Tumatanggap ng SSI: Alamin ang Tungkol sa Sa-Gamit na Suporta at Pagpapanatili (ISM, In-Kind Support and Maintenance)

---

*Hunyo 2019, Lat. #5382.08 - Ingles*

## **Ano ang Sa-Gamit na Suporta at Pagpapanatili?**

Ang Sa-Gamit na Suporta at Pagpapanatili (In-Kind Support at Maintenance, ISM) ay hindi pinagtrabahuhan kita sa anyong pagkain at/o tirahan. Ang ISM ay nangyayari kapag binabayaran, o binibigyan ka, ng ibang tao ng pagkain at/o tirahan. Kasama sa ISM ang mga hindi-pera na gamit na maaaring ibenta o ipagpalit upang makakuha ng pagkain at/o tirahan.

Ang panlabas na ISM ay pagkain at/o tirahan na ibinigay sa sambahayan ng isang tao sa labas ng sambahayan. Ang panloob na ISM ay pagkain at tirahan na ibinigay sa iyo ng isang tao sa sambahayan. Mayroong mga espesyal na patakaran para sa paglalagay ng halaga sa mga bagay na itinuturing na ISM.

## **Bakit mahalagang malaman ang tungkol sa ISM?**

Maaaring ibaba ng ISM ang iyong halaga ng benepisyo sa SSI. Dahil ang iyong benepisyo sa SSI ay dapat na pambayad para sa pagkain at tirahan, kailangang malaman ng Pamamahala ng Segurong Panlipunan (Social Security Administration, SSA) kung may iba pang mga paraan na nakakakuha ka ng pagkain at/o tirahan. Ginagamit ng SSA ang iyong kita upang magpasya kung makakakuha ka ng SSI at kung magiging magkano ang iyong tseke. Tinitingnan ng SSA ang pinagtrabahuhan kita (trabaho) at hindi pinagtrabahuhan kita (mga mapagkukunan maliban sa trabaho). Ang mas maraming pinagtrabahuhan kita o hindi pinagtrabahuhan kita na nakukuha mo, mas mababa ang iyong tseke sa SSI. Ang Sa-gamit na kita ay isang uri ng hindi pinagtrabahuhan kita, na maaaring makabawas sa halaga ng SSI na nakukuha mo.

## **Ano ang maaaring mangyari kung hindi ko iulat ang ISM?**

Ang hindi pag-uulat sa ISM ay nangangahulugan na maaaring bayaran ka ng SSA nang higit sa dapat mong makuha. Maaari itong maging sanhi ng labis na bayad. Kung mangyari ang sobrang bayad, hihilingin sa iyo ng SSA na bayaran ang halagang hindi mo dapat makuha.

## **Paano ko maiiwasan ang ISM o sobrang bayad dahil sa ISM?**

Maaari mong maiiwasan ang ISM o sobrang bayad sa pamamagitan ng pagbabayad ng iyong makatarungang bahagi ng mga gastos sa sambahayan.

## **Paano malalaman ng Segurong Panlipunan kung nakakakuha ako ng ISM?**

Ginagamit ng SSA ang iyong gawi ng pamumuhay upang matukoy kung nakakuha ka ng ISM at ang halaga ng ISM. Tutukuyin ng SSA kung nakatira ka sa iyong sariling sambahayan, sa sambahayan ng iba, o hindi nakatira sa isang sambahayan para sa mga layunin ng ISM.

- **Nakatira sa iyong sariling sambahayan:** Kung naninirahan ka nang nag-iisa, may interes sa pagmamay-ari sa iyong bahay, nagbabayad ng upa upang manirahan sa isang bahay, o nagbabayad ng iyong makatarungang bahagi ng mga gastos sa sambahayan, itinuturing ka ng SSA na naninirahan sa iyong sariling sambahayan.
- **Nakatira sa sambahayan ng iba:** Kung nakatira ka sa iba at hindi nagmamay-ari ng bahay, hindi nagbabayad ng upa upang manirahan sa bahay, o hindi nagbabayad ng iyong makatarungang bahagi ng mga gastos sa sambahayan, itinuturing ng SSA na nakatira ka sa sambahayan ng iba.
- **Hindi nakatira sa isang sambahayan:** Kung ikaw ay pansamantala, walang tirahan, o nakatira sa isang institusyon, hindi itinuturing ng SSA na nakatira ka sa isang sambahayan.

## **Paano ko matutukoy ang aking makatarungang bahagi sa mga gastos sa sambahayan?**

Pagsamahin ang gastusin ng buwanang pagkain at mga gastusin sa tirahan at paghati-hatiin sa bilang ng mga taong nakatira sa bahay. Sa pagtukoy ng bilang ng mga taong naninirahan sa bahay, ang edad ng ibang tao ay hindi mahalaga. Kasama sa tirahan ang upa, pagbabayad ng mortgage (hindi mga linya ng equity ng credit), mga buwis sa ari-arian, seguro sa pag-aari na hinihiling ng may hawak ng mortgage, gasolinang pampainit, gas, tubig, kuryente, at mga bayarin ng basura (hindi bill ng telepono). Kasama sa pagkain ang iyong kinakain at

iniinom, ngunit hindi kasama ang maraming bagay na binili sa grocery store. Halimbawa: mga produktong papel, sabon, at pagkain ng alagang hayop.

### **Halimbawa kung paano makalkula at bayaran ang iyong patas na bahagi upang maiwasan ang ISM:**

- Ang iyong buwanang halaga ng benepisyong SSI para sa 2019 ay \$931.72
- Nakatira ka sa isang bahay na may 4 na tao (3 iba pa at ikaw)
- Ang pagkain at mga gastusin sa tirahan ay nagkakahalaga ng \$3,000 para sa sambahayan bawat buwan
- Ang iyong patas na bahagi ay \$750 (1/4 ng \$3000)
- Kung binabayaran mo ang iyong patas na bahagi gamit ang iyong benepisyong SSI na \$931.72, wala kang ISM, dapat patuloy na makakuha ng \$931.72 bawat buwan, at isasaalang-alang ng SSA na ikaw ay nakatira sa iyong sariling sambahayan.

### **Halimbawa ng hindi pagbabayad ng iyong patas na bahagi dahil nakakakuha ka ng ISM:**

Kung ang iyong patas na bahagi ay \$750 bawat buwan, at nagbabayad ka ng mas mababa sa \$750, hindi ka nagbabayad ng iyong patas na bahagi. Nangyayari din ito kung ang iyong patas na bahagi ay higit pa sa iyong buwanang benepisyong SSI. Maglalagay ang SSA ng halaga sa iyong ISM. Ituturing din ng SSA na nakatira ka sa sambahayan ng iba.

### **Paano binibigyan ng halaga ng SSA ang ISM?**

Ang halaga ng ISM na natanggap sa isang buwan ay batay sa iyong permanenteng gawi ng pamumuhay sa ika-1st ng nasabing buwan. Mayroong dalawang mga patakaran na ginagamit ang SSA upang maglagay ng halaga sa ISM:

- Ang Halaga ng Isang-Ikatlong Pagbabawas na Patakaran (Value of the One-Third Reduction Rule, VTR). Minsan tinawag ang VTR na "nakatira sa sambahayan ng iba."
- Ang Patakaran ng Itinuring na Pinakamataas na Halaga (Presumed Maximum Value Rule, PMV)

## **Halaga ng Isang-Ikatlong Pagbabawas na Patakaran (VTR, Value of the One-Third Reduction)**

Naaangkop ang VTR kapag nakatanggap ka ng pagkain at tirahan mula sa loob ng sambahayan at hindi mo binabayaran ang iyong makatarungang bahagi sa pagkain at mga gastos sa tirahan sa sambahayan.

Ang SSA ay naglalagay ng halaga sa ISM kung saan ito ay  $1/3$  ng antas ng pederal na benepisyong (FBR, federal benefit rate) ng SSI. Naaapektuhan nito ang halaga ng SSI na nakukuha mo. Ang FBR para sa 2019 ay \$771. Ang FBR para sa 2019 ay \$771. Ang pederal na bahagi ng iyong pagsusuri sa SSI ay mababawasan ng  $1/3$ . Sa California, pinupunan ng estado ang pagbabayad sa pederal na SSI. Kung ikaw ay nasa ilalim ng VTR, o "naninirahan sa sambahayan ng iba," ang iyong benepisyong sa SSI ay \$678.24 bawat buwan sa 2019.

## **Iba pang impormasyon tungkol sa VTR**

- Kung naaangkop ang VTR, hindi binibilang ng SSA ang halaga ng anumang iba pang ISM na iyong natatanggap.
- Kung naaangkop ang VTR, kahit na ang pagkakaiba sa pagitan ng iyong babayaran at iyong pro rata na bahagi halimbawa ay \$40 lamang, mapapailalim ka sa buong isang-ikatlong pagbabawas.
- Kung ikaw ay isang pansamantala, walang tirahan, o nakatira sa isang institusyon, ang VTR ay hindi naaangkop dahil hindi ka itinuturing ng SSA na nakatira ka sa isang sambahayan. Binibigyang halaga ang ISM gamit ang patakaran ng PMV.
- Kung ikaw ay naninirahan nang nag-iisa, ang VTR ay hindi naaangkop dahil walang ibang mga kasambahay na magbibigay sa iyo ng ISM. Ang anumang ISM na nakukuha mo mula sa labas ng sambahayan ay bibigyang halaga gamit ang patakaran ng PMV.

## **Patakaran sa Ipinapalagay na Pinakamataas na Halaga (PMV, Presumed Maximum Value)**

Ginagamit ang PMV kapag ang VTR ay hindi naaangkop upang matukoy ang halaga ng natanggap na ISM. Halimbawa, kapag nakatanggap ka ng pagkain o tirahan (ngunit hindi pareho) mula sa isang tao. Ang PMV ay  $1/3$  ng antas ng Pederal na benepisyong kasama ang \$20. Gayunpaman, kung maipakita mo na ang iyong ISM ay mas mababa sa PMV, bibilangin ng SSA ang mas mababang halaga ng PMV bilang hindi pinagtrabahuhan na kita. Kung ang iyong ISM ay mas mababa kaysa sa PMV, ang ISM ay maaaring bigyan ng halaga ayon sa

kasalukuyang antas ng merkado, o ang aktwal na halaga, alinman ang mas mababa.

## Ano ang hindi itinuturing na ISM?

- Kapag ang ibang tao ay nagbabayad ng iyong singil sa telepono, seguro sa sasakyan, mga singil sa beteryaryo, pahayagan, o mga suskripsyon sa cable TV.
- Halaga ng mga selyong pagkain. Mula Hunyo 1, 2019, ang mga tao sa SSI ay maaaring maging karapat-dapat sa mga selyong pagkain (tinatawag na CalFresh sa California). Ang iyong mga selyong pagkain ay hindi nakakaapekto sa iyong halaga ng benepisyo sa SSI. Para sa karagdagang impormasyon sa kung paano maaaring mag-apply sa mga benepisyo ng Pagkain ng CalFresh ang mga tumatanggap ng SSI, bumisita sa [CalFreshFood.org](http://CalFreshFood.org)
- Mga serbisyo sa mga kalakal na ipinagpalit para sa pagkain o tirahan.
- Ang kita na nakakatugon sa pamantayan para sa madalang o hindi regular na hindi pinagtrabahuhan kita. Halimbawa: Hapunan ng Pasasalamat kasama ang iyong pamilya.
- Ang kita na walang kasalukuyang halaga sa merkado. Halimbawa: itinapong pagkain o tirahan sa isang aparador o ibang lugar na hindi inilaan na tirahan.
- Ang kita na ibinibigay sa ilalim ng programa sa medikal o mga serbisyong panlipunan ng pamahalaan. Halimbawa: mga kabayaran sa tulong sa pabahay.
- Nakatira ka sa isang sambahayan kasama ang isang tao na ang kita ay maaaring ituring, tulad ng isang magulang o asawa.
- Nakatira ka sa isang sambahayan kung saan ang lahat ng mga miyembro ng sambahayan ay tumatanggap ilang uri ng mga kabayaranang pampanatili sa pampublikong kita (kahit na hindi ka nag-aambag ng pera sa mga gastos sa sambahayan).
- Perang partikular na hindi isinama ng pederal na batas. Halimbawa: pera na natanggap sa ilalim ng Batas sa Tulong sa Kalamidad o emerhensiyang tulong.
- Pera na natanggap bilang kapalit ng nawala, nasira, o ninakaw na mapagkukunan (kasama ang pansamantalang tirahan).
- Pera na hindi kasama sa ilalim ng naaprubahang plano para sa suporta sa sarili (Plano ng PASS, Plan for self-support).
- Pagkain at tirahan na natanggap habang pansamantalang wala sa sambahayan.
- Silid at pagkain na binigay habang nasa medikal na pagkakatalaga.

- Tunay na mga utang sa ang pamamagitan ng pagkain at/o tirahan na dapat mong bayaran.

## **Paano ko maipapakita na ang pagkain o tirahan ay hindi ISM?**

- Kung nag-a-apply ka para sa SSI at nakatira kasama ng iba, maaaring wala kang kita upang mabayaran ang iyong bahagi ng mga gastos sa sambahayan. Ngunit, maaari kang magbayad kapag nakakuha ka ng SSI. Hilingin sa mga taong kasama mo sa sambahayan na pautangin ka ng halaga ng iyong patas na bahagi sa ilalim ng kasunduan na tunay na pautang. Kung wala kang kasunduan, at hindi mo binabayaran ang iyong bahagi habang ang iyong aplikasyon sa SSI ay pinoproseso, ang mga dating benepisyo na maaari mong matanggap sa panahon ng pag-apply at sa panahon na makuha mo ang SSI ay maaaring mabawasan.
- Kasunduan sa Tunay na Pautang: Ang pagkain at tirahan na nakukuha mo sa ilalim ng isang kasunduan sa tunay na pautang ay hindi binibilang bilang ISM. Sa halip na isang taong nagbibigay sa iyo ang pera para sa pagkain at/o tirahan, ipapautang nila sa iyo ang halaga ng pagkain at/o tirahan. Upang magkabisá, ang kasunduan sa pautang sa pagitan mo at ng nagpautang ay dapat gawin bago mo kunin ang halaga ng pagkain at tirahan. Ang kasunduan sa pautang ay dapat na walang kondisyon. Nangangahulugan ito na may utang ka pa rin sa nagpautang ng halaga ng pagkain/o tirahan kahit na hindi ka maging karapat-dapat para sa SSI o pagtaas ng mga benepisyo ng SSI. Dapat banggitin sa kasunduan na babayaran mo ang utang at magkaroon ng plano para sa pagbabayad. Dapat mong mabayaran ang utang gamit ang iyong sariling mga mapagkukunan o kita, at hindi umaasa sa pagiging karapat-dapat sa SSI o pagtaas ng benepisyo ng SSI. Halimbawa, \$5 bawat buwan mula sa pag-recycle ng mga lata at bote, trabaho, o isang pamana.
- Kung ang iyong patas na bahagi ay \$750 at nagbayad ka ng \$550 para sa iyong bahagi at nagbayad sa isang tao ng \$200 na bayad sa kotse.
- Mga pang-ekonomiyang dahilan para sa pag-upa ng silid sa mas mababang presyo kaysa sa normal. Para sa PMV, ipakita na ang halaga ng pag-upa ng silid ay mas mababa sa ilang kadahilanan. Halimbawa: kailangan mong makisalo sa paggamit ng banyo, o ang bahagi ng silid ay ginagamit bilang imbakan ng ibang mga miyembro ng sambahayan. Gamitin ang lokal na dyaryo o tumingin online para sa mga presyo ng pag-upa ng silid sa iyong lugar.

## **Maaari ba akong tulungan ng isang account na ABLE na magbayad para sa pagkain at tirahan?**

Oo. Ang isang account na ABLE ay isang bagong pagpipilian sa pag-impok kung ikaw ay magkaroon ng kapansanan bago mag-26 taong gulang. Makakaipon ka ng pera sa isang account ng ABLE sa may pakinabang sa buwis na account, nang hindi naaapektuhan ang iyong kakayahang makakuha o mapanatili ang iyong SSI. Maaari kang gumamit ng pera mula sa iyong account sa ABLE upang magbayad para sa pagkain at/o tirahan.

## **Ang pagkain o tirahan ba na binabayaran mula sa mga pondo ng isang account na ABLE ay itinuturing na ISM?**

Hindi, maaari kang magbayad para sa pagkain o tirahan mula sa iyong account na ABLE, at hindi ito maituturing na ISM kung babayaran mo ang iyong makatarungang bahagi ng mga gastos sa sambahayan. Halimbawa:

- Kung may nagbabayad ng \$1,000 bawat buwan nang direkta sa iyong landlord para sa upa, itinuturing itong ISM. Ang iyong SSI na tseke ay magiging \$678.24 na lamang bawat buwan sa 2019.
- Ngunit, kung may nag-aambag ng \$1,000 bawat buwan sa iyong account na ABLE, at gumamit ka ng mga pondo mula sa iyong account na ABLE upang magbayad ng upa, hindi ito ISM. Ang iyong tseke ng SSI ay magiging \$931.72 bawat buwan sa 2019.
- **Mahalaga:** Kung naglabas ka ng pera mula sa iyong account na ABLE upang gamitin sa upa, dapat mong ibayad ang pera sa iyong sambahayan o landlord sa pagtatapos ng parehong buwan. Hangga't hindi mo hawak ang upa na iyong inilabas mula sa isang buwan hanggang sa susunod, ang pera ay hindi makakaapekto sa iyong benepisyo sa SSI.

Ang pagkain at tirahan na binabayaran ng isang account na ABLE ay hindi ISM dahil ang mga pondo sa iyong ABLE na account ay sarili mong pera. Maaaring maglagay ang ibang tao ng pera sa iyong account na ABLE. Ang perang iyon ay itinuturing na isang kontribusyon sa iyong account na ABLE at hindi isang kontribusyon sa iyong pagkain at tirahan.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga account na ABLE, pumunta sa website ng CalABLE: <https://calable.ca.gov/>

## **Ano ang maaari kong gawin kung matukoy ng SSA na mayroon akong labis na bayad dahil sa ISM?**

Maaari kang mag-apela o humiling sa SSA na ipaubaya ang sobrang bayad. Kung hindi ka matagumpay, kukuhanin ng SSA ang pera mula sa iyong buwanang tseke sa SSI para sa pagbabayad. Ang pinakamalaking halaga na maaaring kunin ng SSA mula sa iyong tseke ay 10% ng Pederal na halaga (\$93.17 noong 2019). Ngunit, kung hindi ka makabayad para sa iyong mga pangunahing pangangailangan, maaari mong hilingin sa SSA na mas babaan ang kukunin bawat buwan.

Para sa karagdagang impormasyon sa sobrang bayad, tingnan ang aming lathala "Sobrang mga Bayad sa SSI", na matatagpuan dito:

<https://www.disabilityrightsca.org/publications/ssi-overpayments>

## **Saan ako makakahanap ng mga batas at impormasyon tungkol sa ISM?**

Ang Pederal na Regulasyon sa Sa-Gamit na Suporta at Pagpapanatili ay nasa: 20 Kodigo ng Pederal na mga Regulasyon Seksyon 416.1130-.1157.

Ang Manwal ng Sistema ng Operasyon ng Programa (POMS, rogram Operations Manual System) ay mga tagubilin na ginagamit ng mga empleyado ng Pamamahala ng Segurong Panlipunan upang maisakatuparan ang mga regulasyon, batas at mga patakaran. Ang mga POMS patungkol sa Sa-Gamit na Suporta at Pagpapanatili ay nasa: SI 00835.000-.901

---

Nais ka naming pakinggan! Mangyaring sagutan ang sumusunod na survey tungkol sa aming mga paglalathala at ipaalam sa amin kung kamusta kami.

[\[Sagutan ang Survey\]](#)

Para sa legal na tulong tumawag sa 800-776-5746 o kumpletuhin ang [pormularyo ng kahilingan para sa tulong](#). Para sa iba pang mga pakay, tumawag sa 916-504-5800 (Hilagang CA); 213-213-8000 (Timog CA).

*Ang Disability Rights California ay pinondohan ng iba-ibang mapagkukunan, para sa kumpletong listahan ng mga nagpopondo, pumunta sa*

<http://www.disabilityrightsca.org/Documents/ListofGrantsAndContracts.html>.